**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**BATANGAS CITY**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION HELD BY THE MEMBERS OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF BATANGAS CITY ON FEBRUARY 14, 2022 VIA ZOOM APPLICATION**

**PRESENT:**

| | |
|---|---|
| Hon. Emilio Francisco A. Berberabe Jr., | Presiding Officer |
| Hon. Alyssa Renee A. Cruz, | Councilor |
| Hon. Aileen Grace A. Montalbo, | " |
| Hon. Nestor E. Dimacuha, | " |
| Hon. Karlos Emmanjuel A. Buted, | " |
| Hon. Gerardo A. Dela Roca, | " |
| Hon. Oliver Z. Macatangay, | " |
| Hon. Nelson J. Chavez, | " |
| Hon. Julian B. Villena, | " |
| Hon. Michael Thomas T. Pastor, | " |
| Hon. Isidra "Ched" M. Atienza, | " |
| Hon. Maria Aleth A. Lazarte, | " |
| Hon. Lorenzo A. Gamboa, Jr., | " |
| Hon. Angelito "Dondon" A. Dimacuha, | ABC-Rep. |
| Hon. Marjorie A. Manalo, | SK-Fed. Pres. |

"On motion of Councilor Cruz seconded by Councilor Villena, the following Resolution was Adopted:

**RESOLUTION NO. 30 S. 2022**

**APPROVING BARANGAY ORDINANSA BLG. 9 SERYE 2022 OF BARANGAY KUMINTANG ILAYA, BATANGAS CITY**

**RESOLVED,** to approve Barangay Ordinansa Blg. 9 S. 2022 of Barangay Kumintang Ilaya entitled: "Ordinansang Nagsususog sa Kautusan Bilang 6 Serye 2018 (Pagsususog ng Pagbabayad sa Barangay Clearance at Business Permit Sa Mga Klinika Gaya ng Dental Clinic, Optical Clinic at Iba pang Klinika na Kaangkop Nito)."

**UNANIMOUSLY APPROVED."**

---

I hereby certify that the foregoing Resolution No. 30 S. 2022 was approved by the Sangguniang Panlungsod of Batangas City during its Regular Session held on February 14, 2022.

**ATTY. OLIVA D. TELEGATOS**
Secretary

**ATTESTED:**

**EMILIO FRANCISCO A. BERBERABE, JR.**
Presiding Officer

**ODT/mebc/jrcu...**

BARANGAY ORDINANCE

**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Batangas**
**Barangay Kumintang Ilaya**
**Lungsod ng Batangas**

**Ordinansa Blg. 9**
**Serye 2022**

***"ORDINANSANG NAGSUSUSOG SA KAUTUSAN BILANG 6 SERYE 2018" PAGSUSUSOG NG PAGBABAYAD SA BARANGAY CLEARANCE AT BUSINESS PERMIT SA MGA KLINIKA GAYA NG DENTAL CLINIC, OPTICAL CLINIC AT IBA PANG KLINIKA NA KAANGKOP NITO.***

**Sapagkat,** ninanais ng Sangguniang Barangay ng Kumintang Ilaya, Lungsod ng Batangas na mapataas ang kita ng Barangay Kumintang Ilaya na makapagbibigay at makapagdagdag ng kapakipakinabang na mga proyekto sa buong nasasakupan.

**Sapagkat,** ang pagtatakda at pagtatasa ng kabayaran sa mga Dokumentong kinakailangan ng mga mamamayan sa barangay, ay isang dahilan upang paunlarin ang pangkalahatang pangangailangan ng mga mamamayan sa aming komunidad lalo at higit sa proyektong pang-kalusugan, pang-edukasyon at pang-inprastraktura.

**Sapagkat,** ang nasabing pagbubuwis sa barangay ay isang paraan upang pagyamanin ang pantaunang kita barangay ng may katapatan, hayag at sa isang tamang pamamaraan.

**Ngayon dahil dito,** sinususugan ang Ordinansa bilang 6 Serye 2018 na may kaugnayan sa mga klinika gaya ng dental, optical at iba pang mga kaangkop nito sapagkat napagkasunduan na baguhin ang ibang karampatang kabayaran sa mga clearances dahilan sa maliit na kita ng mga ito ngayong panahon ng pandemya at sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob ng batas, pinagtitibay ng Sangguniang Barangay ng Kumintang Ilaya na napagtalakayan sa layuning magtadhana ng mga sumusunod.

**Seksiyon 1. TITULO:**

Ang Ordinansang ito, ay makikilala sa tawag na "Pagsususog sa Ordinansa Blg. 6, Serye 2018 na nagtatakda pagbabago ng kabayaran sa Business Permit Fee sa mga klinika gaya ng Dental, Optical at iba pang klinika na naangkop dito.

**Seksiyon 2. KUWALIPIKASYON:**

XIII. Sinumang lehitimong naninirahan sa barangay na may edad 18 pataas ay may karapatang makakuha ng Barangay Clearances, Certification, at iba pang mahahalagang

dokumento at kung menor de edad kinakailangan ng pahintulot ng kanilang mga magulang at tagapangalaga at kinakailangan rin na rehistradong mamamayan at nakatala sa taunang Record of Barangay Inhabitants (RBI).

XIV. Naninirahan sa barangay ng 6 na buwan o higit pa ay maaring kumuha ng barangay clearance kung kinakailangan para sa madaling pagtalastas sa taong kumukuha ng clearances ay kinakailangang patunayan ng sinumang kagawad/barangay health worker na nakakasakop sa kanila na base sa record of barangay inhabitants at talaan ng mga botante para sa kanilang pagkakakilanlan gayundin ang mga mamamayan na may pending case sa barangay at maging sa mataas na hukuman ay hindi maaaring bigyan ng barangay clearance at anumang certification hanggat hindi pa natatapos ang kasong isinampa sa kanila.

XV. Sinuman na kukuha ng barangay clearance na hindi nakarehistro sa listahan ng botante at ng pantaunang pagtatala ng bilang ng mamamayan sa barangay (RBI) na nasa pag-iingat ng kalihim ng barangay ay kinakailangang sila ay magpatala upang mapabilang sa "household census" ng barangay upang makakuha ng clearance na kanilang kinakailangan.

XVI. Sinumang magtratrabaho sa nasasakupan ng barangay maging sa mga establisyimento ay kinakailangang makipag-usap muna sa tanggapan ng Sangguniang Barangay at mabigyan ng permit to work at tahasang makipag-ugnayan ang mga may-ari ng mga pribadong kumpanya upang ang mga trabahador na kanilang magiging empleyado ay maging unang prayoridad ang mga mamamayan sa nasasakupan ng Barangay Kumintang Ilaya, Lungsod ng Batangas.

**SEKSIYON 3: KABAYARAN**

IV. Sinumang indibidwal na kukuha ng sumusunod na dokumento na nakatala sa ibaba nito ay may karampatang kabayaran ng kaukulang halaga na nasa tapat nito.

**BARANGAY BUSINESS PERMITS**

| | |
|---|---|
| **-CLINICS** | **1, 500.00** |

**(Dental, Optical at iba pang klinika na kaangkop nito)**

**SEKSIYON 4: ALITUNTUNIN AT PATAKARAN**

Ang Punong Barangay ang may kapangyarihang magpatupad ng mga alituntunin at patakaran na kinakailangang aprubahan ng miyembro ng Sangguniang

Barangay, upang maipatupad ng mabisa ang mga probisyon ng ordinansang ito.

**SESIYON 5: KAPARUSAHANG MAIPAPATAW NG BARANGAY**

Walang sinumang residente ang maaring pagkalooban ng barangay clearance o anumang permit ng punong barangay at maging sinumang opisyales ng barangay na hindi mga nagpatala sa "Record of Barangay Inhabitants" ayon sa ipinag-utos ng ordinansang ito.

**SEKSIYON 6: TALATANG NAGPAPAWALANG-BISA**

Lahat ng probisyon ng anumang ordinansa, resolusyon o utos pampangasiwaan sa barangay na sumasalungat o hindi umaayon sa ordinansang ito ay mawawalang bisa o kaya ay magbabago. Sinusususgan ang ordinansa bilang 6 serye 2018 sapagkat napagkasunduan na baguhin ang karampatang kabayaran sa mga clearances para sa mga klinika.

**SEKSIYON 7: TALATANG NAGBUBUKOD**

Kung sa anumang dahilan at alin mang bahagi ng ordinansang ito ay mapapatunayang labag sa Saligang Batas o mapapawalang bisa, ang ibang bahagi nito na hindi saklaw ng paglabag ay magpapatuloy sa pagkakabisa.

**SEKSIYON 8: PAGKAKABISA**

Ang ordinansang ito ay magkakabisa matapos ang masusing pag-aaral at pagpapatibay ng Sangguniang Barangay at ng Sangguniang Panglungsod.

Pinagtibay at nilagdaan ng Sangguniang Barangay ng Kumintang Ilaya, Lungsod ng Batangas ngayong ika-17 ng Enero, 2022.

Nagpapatunay:

**ARTHUR B. BUENAFE**
Kalihim ng Barangay

**Kgg. ANICETO D. DE CASTRO**
Punong Barangay

**Kgg. GREG C. ANDAL**
Committee on Peace and Order

**Kgg. NERMA C. BUSTOS**
Committee on Health

**Kgg. REY ANN C. BUENVIAJE**
Committee on Education
(Author)

**Kgg. JOEY F. FAJILAN**
Committee on Appropriation

**Kgg. JOSE D. DE MESA**
Committee on Public Works

**Kgg. OFELIA P. FANCUBIT**
Committee on Senior Citizen

**Kgg. RUDY G. SANTOS**
Committee on Environment

**Kgg. LEONARD BRYAN J. DE CASTRO**
Sangguniang Kabataan Chairman